

Ang Pilosopiya ng Edukasyon sa Filipino

Jerwin M. Mahaguay
University of Rizal System-Pililla
jerwinmds@yahoo.com

Abstrak:

Ang Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas ay isang batis na iilan pa lamang ang nakababatid ng kahalagahan lalo na sa usapin ng pambansang pagsulong. Kaya nga tangka ng papel na ito na ilarawan sa payak na pamamaraan lalong higit sa wikang Filipino, una ang ugnayan ng pilosopiya at edukasyon, pangalawa ay maikling kasaysayan ng pagsibol ng Pilosopiya ng Edukasyon, at ang pangatlo ay ang kalagayan ng Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas kasama ang mga Pilipinong Pilosopo na nagsusulong nito.

Mga Susing salita: *Pilosopiya, Edukasyon, Pilosopiya ng Edukasyon*

Pambungad

Walang isang kilalang panahon na masasabing naging tampok sa mga usaping pampilosopiya ang edukasyon, hindi dahil salat ito sa kahalagahan, kundi dahil ang usaping ito ay di maaaring ilagay sa isang panahon lamang. Laging napapanahon ang Pilosopiya ng Edukasyon, sapagkat ang kasaysayan ng tao ay kasaysayan ng pagkatuto. Ang tining ng isang kabihasanan o kultura ay sumasalamin lamang ng bisa ng edukasyong umiiral. Dito makikita na ang mga antigo at bagong kamalayan sa mundo ay masasabing pawang larawan lamang ng edukasyon at pagkatuto ng mga taong napapaloob dito. Kaya nga di maikakaila na napakatindi ng buklod na nag-uugnay sa Pilosopiya ng Edukasyon ng isang lugar at sa katayuan nito.

Samakatuwid, maaring sabihin na hanggang walang isang matibay na pilosopiyang pang-edukasyon sa Pilipinas na magbubuklod sa lahat ng mga may malay na gawaing may kinalaman sa pagkatuto, mananatiling hungkag ang lahat ng mga pagpupunyaging inilalaan sa paghahandang pagkaisipan ng mga kabataan. Ang pag-aaral at pagpupunyagi na walang isang matibay na saligang pilosopiko ay para lamang isang dahong tinatangay ng hangin, walang malay at walang tiyak na patutunguhan.

Sa puntong ito ay napakahalaga ng pangangahas na ito dahil una ay hihimayin nito ang ugnayan ng pilosopiya at edukasyon, gayundin ang kasaysayan ng edukasyon sa pangkalahatan at maging sa Pilipinas. Makakatulong ang pagbabaybay na ito, una, upang makita ang mga pangunahing saligan at diskurso ng bawat teorya at panahon. Samantalang ang ikalawang kahalagahan ay nakatuon sa paggamit ng

wikang Filipino sa akdang ito. Maliban sa higit itong mauunawaan kung nakasulat sa wikang sarili ay isang tugon din ang papel na ito sa ibinabatong hamon ni Emmanuel de Leon sa kanyang artikulo na “Pamimilosopiya, Wika at mga Baluktot na katwiran: Tungo sa Pagpapayaman ng Wikang Pilosopikal sa Pilipinas” (2016) kung saan sinasabi niya na walang ibang paraan upang ipakita ang kakayanan ng wikang Filipino bilang gamit sa pamimilosopiya kundi gamitin ito. Tama si De Leon sa kanyang tugon sa panawagan ni Emerita Quito at Napoleon Mabaquiao tungkol sa kahinaan ng pilosopikong diskurso dahil sa kakulangan ng mga teksto na nakasulat sa wikang Filipino. Bagama’t di maituturing na dalisay ang akdang ito, anumang puna at pagtatamang ibabato dito ay marahil tulong na rin para higit pang mapaunlad ang akdang ito, gayundin ang Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas, at higit sa lahat ang pilosopikong diskurso gamit ang wikang Filipino. Harimanawariy maging katanggap-tanggap ang akdang ito para maging ambag sa kanyang isinusulong na adbokasiya.

I. Ang Pilosopiya at Edukasyon

Sa simula ng akdang ito ay mahalagang linawin muna kung may ugnayan ba ang pilosopiya at edukasyon. Di ba dapat isipin na lamang ng mga pilosopo ang mga problema sa pilosopiya at ipaubaya na lang ang problema ng edukasyon sa mga kawani ng pamahalaan na dalubhasa sa mga batas pang-edukasyon at sa mga tagapamahala ng mga paaralan, kolehiyo, at pamantasan? Dahil dito, ang mga susunod na talakayan ay nakatuon sa pag-usbong ng Pilosopiya ng Edukasyon bilang isang larangan.

a) Ang Pilosopiya

Ang pilosopiya ay hango sa mga salitang Griyego na, *filos* na ang kahulugan ay “nagmamahal” at *sofia* na ang katumbas naman ay “karunungan.” Lumalabas lamang na ang etimolohiyang kahulugan ng pilosopiya ay ang “pagmamahal sa karunungan.” Si Pythagoras, isang pilosopong Griyego, ang nagbigay ng terminolohiyang ito, sapagkat para sa kanya, di kaya ng tao na maabot ang kabuuan ng karunungan, kaya maaari lamang niya itong mahalina o maging kaibigan. Sa gayon ay maaari lamang siyang tawaging pilosopo o nagmamahal sa karunungan. Sino man ang nagtatanong at naghahangad matuto at magpaliwanag ng kanyang sarili at paligid ay matatawag na namimilosopiya o pilosopo. Pero sa pang-akademiyang gamit, ang pilosopiya ay isang gawang pantao na tumutukoy sa pagtatanong at paghahanap ng kahulugan at pundasyon ng kanyang pag-iral at ng mga bagay sa kanyang paligid.

Una, ito ay isang gawa at hindi isang subheto na dapat aralin o sauluhin. Wala itong isang porma o hugis na angkop upang isalarawan. Kung magkagayon, ang mismong pagpapaliwanag na ito ay di pa rin sapat para ipaunawa ang pilosopiya. Kaya sino mang nagnanais na makipagkaibigan sa karunungan o mamilosopiya ay dapat handang mag-isip, magnilay, at muling mag-isip sapagkat iyon lamang ang tanging paraan upang ito’y maranasan.

Pangalawa, ito ay gawang pantao, sapagkat may pag-iisip ang tao na siyang tanging gamit sa gawang pamimilosopiya. Ang pag-iisip na ito ay pansarili o personal, di maaaring mag-isip ang isang tao para sa ikauunawa ng iba. Di ito tulad ng isang trabaho na puwedeng iba ang gumawa bilang kapalit. Sinumang namimilosopiya ay siya mismo ang dapat mag-isip. Bagaman maaari siyang matuto sa karanasan, kaalaman, at paliwanag ng iba. Subalit ang mismong pagkatuto o pagkaunawa ay tanging siya pa rin ang kailangan gumanap.

Pangatlo, ito ay isang pagtatanong, ito ay nagsisimula sa pag-alam sa kanyang sitwasyon, at ang kasunod nito ay paghahanap pa ng dahilan kung bakit siya ay nasa sitwasyon. Kasabay na rin ng pangatlo ay ang paghahanap ng kahulugan at pundasyon ng kanyang pag-iral. Kakaiba ang pagtatanong na ito sa kanyang pag-iral dahil mismong ang mga talagang batayang pangkalahatan o universal ang hinahanap dito. Samakatuwid ay lumalampas ito sa personal o pansariling paliwanag lamang. Ang pundasyon ay ang salalayan ng mga kasagutan na maituturing na ugat at

buod na maaring gamitin sa iba pang pagsagot sa mga katanungan tungkol sa pag-iral ng iba. Bagama’t di natatapos ang kanyang mga tanong, di rin natatapos ang kanyang paghahanap sa mga pundasyon at kahulugan.

Panghuli ay ang paghahanap ng kahulugan at pundasyon ng pag-iral ng mga bagay sa kanyang paligid. Naiiba ito sa pangatlo dahil tinatahak nito ang pag-unawa sa mga bagay na labas sa kanyang sarili, materyal man o hindi. Dito makikita na saklaw din ng paghahanap ng pundasyon at kahulugan ang iba’t ibang pananaw. Kung ganon, ay di lang basta pananaw ang hinahanap ng pilosopiya kundi maging ang mga pundasyon ng bawat pananaw. Ayon nga kay Mabaquiao sa kanyang artikulong “Isang Paglilinaw sa Kahulugan at Kairalan ng Pilosopiyang Filipino” (2011) ang hinahanap sa pilosopiya ay ang “pundasyon ng mga pananaw” dagdag pa ni Mabaquiao, para matawag talagang pilosopiko ang paghahanap, kailangang ito ay may a) paksa, b) metodolohiya, at c) pamamaraan ng pagsulong sa mga palagay. Ang paksa ay dapat kabilang sa mga pangunahing sangay ng pilosopiya na; lohika na tumutukoy sa sining ng sistematikong pag-iisip at pakikipag-argumento, epestimolohiya na ukol sa kasiguraduhan o katotohanan ng mga kaalaman ng tao, metapisika na nakatuon sa mga pundasyon ng pinagmulan ng lahat material man o hindi, estetika na sumasakop sa pamantayan ng sining at kagandahan, at etika na naglilinaw sa mga pundasyon at pamantayan ng kabutihan ng gawa ng tao. Samantalang ang metodolohiya naman ay tumutukoy sa mga pamamaraan ng pag-aaral na katanggap-tanggap sa disiplina ng pilosopiya tulad ng; penomenolohiya na nakasentro sa pagbalik sa mismo o aktuwal na pagdanas ng tao sa isang bagay, analitikong pilosopiya na nakabatay sa paghahanap ng mga eksakto at siguradong kahuluhan ng mga salita o argumento, eksistensyalimo na nakabatay sa pagpapakita ng kalayaan ng tao, Marxismo na nakaangkla sa usapin ng pagkakapantay-pantay ng tao lalo na sa oportunidad at yaman sa lipunan lalo na sa mga may kinalaman sa moda ng paggawa o produksyon, feminismo na umiikot sa karapatan ng mga kababaihan, kritikal na teorya- na tumitingin sa mga usapin ng di pagkakapantay-pantay sa lipunan sa pagitan ng mga api at nang-aapi at iba pang relasyon, at ermenyutika na nakatuon sa paghahanap kahulugan sa isang teksto. At ang huling elemento ay tumutukoy sa mga argumentong ginagamit upang suportahan at pangatwiranan and bawat posisyon. Sa pamamagitan ng mga elementong ito ang isang paghahanap o pagtatanong ay matatawag talagang pilosopiko at ito ay isang gawang pang pilosopiya.

Sa kabuuan, ang pilosopiya ay walang hanggang pagtatanong, paghahanap sa kahulugan at pundasyon ng tao sa kanyang sarili at sa mga bagay sa kanyang paligid tungo sa lalong ikauunlad ng kanyang buhay at paligid. Sapagkat ang tao ay hindi tulad ng isang dahon na basta na lang tumubo sa isang sanga, naghahanap siya ng direksyon at kahalagahan o katuturan ng kanyang pagtubo. Gayundin, ay hinahanap niya ang pundasyon ng kanyang mga pananaw. Pinagninilayan niya ang kanyang pag-iral at ang pundasyon ng kanyang mga paniniwala at pananaw.

b) Ang Edukasyon

Ang edukasyon naman ay hango sa dalawang salitang latin na: *educare* na ang kahulugan ay “sanayin, turuan, o buuin” at *educere* na ang kahulugan ay “gabayan o akayin.” Kung pagsasamahin ang dalawang kahulugan ay maaari itong sabihin na ang edukasyon ay isang gawa na nakatuon sa pagsasanay at pagbuo sa isang tao para abutin ang kanyang kaganapan.

Samantalang ang formal na kahulugan ng edukasyon ay isang paraan upang maabot ng tao ang sukduhan ng kanyang kakayahan at upang makarating siya sa lalong maayos at kaaya-ayang antas ng buhay (Ozmon and Craver, 1990). Magandang saysayin ang mga salik na mas isinusulong ng formal na kahulugan. Una, ang edukasyon ay isang gawa o pamamaraan. Dito makikita na ang edukasyon ay isang gawain na may paggalaw at hindi pawang pagtatala lamang ng mga kaalaman. Samakatwid ay hindi lubos ang edukasyon kung walang pagbabagong nangyayari dulot ng paggawa o pamamaraang ginamit.

Pangalawa, ang meron sa bawat gawaing pang edukasyon ay ang kaalaman ng isang panahon o grupo ng mga tao na isinasalin sa isa pang grupo. Ang mga kaalamang ito ay dinalisay ng panahon ng pagninilay at pagdanas sa pinaniniwalaang higit na makakatulong sa mga susunod na saling-lahi. Kaya nga dahil sa edukasyon ay nagpapatuloy ang mga karanasang kaaya-aya para sa mga tao at ang mga di kaaya-ayang karanasan na di makakatulong sa pag-unlad ay naiiwasan.

Pangatlo, ang paraan ng pagsasalin ng kaalaman na ito ang nagpapalakas sa tao upang lumabas ang kanyang likas na kakayahan o potensyal. Malinaw sa puntong ito na bawat tao ay may likas na kakayahan. Hindi ito magkakatulad at lalong hindi pare-pareho ang antas, sa tulong ng edukasyon ay pinagyayaman ito upang maabot ang sukduhan ng sa ganon ay lalong mapakinabangan ng lipunan. Samakatwid ay kinikilala

dito na hindi pa ganap ang bawat tao, sa tulong ng mga kaalaman at pamamaraan na pinagninilayan ng iba ay tinutulungan ang tao na abutin ang kanyang kakayahan. Dahil sa pamamaraan ng edukasyon ay mas napagyayabong at nalilining ng tao ang kanyang sariling kakayanan at ang mga bagay sa kanyang paligid.

Sa huli ay dinadala ng edukasyon ang tao sa lalong kaaya-ayang kalagayan. Ang bahaging ito ay tumutukoy sa adhikain ng pagkatuto na para sa laging ikauunlad ng tao. Ang lahat ng pagkatuto ay para mapabuti ang tao sa kanyang pakikitungo at para sa higit ng ikauunlad ng kanyang lahi at paligid, gayundin ay naiiwasan ang mga maling kasanayan at karanasan. Dahil sa pagkatuto ay napapaghandaan ang mga darating pang pagsubok. Sa pangkalahatan ay masasabi natin na ang edukadong mamamayan ngbansa ay may tiyak na kaunlaran dahil walang ibang hangad ang pagkatuto kundi ang pag-unlad.

c) Ang Pilosopiya ng Edukasyon

Sa puntong ito, ang pagsasama ng mga salitang pilosopiya at edukasyon ay di maiiwasan sapagkat pareho silang tumutukoy sa lalong ikauunlad at ikaaayos ng kalinangan ng tao; ang pilosopiya bilang paghahanap ng kahulugan at direksyon ng tao, at ang edukasyon bilang pamamaraan para maabot ang kaganapan at kaayusan ng tao. Kaya’t ang Pilosopiya ng Edukasyon ay tumutukoy sa mga direksyon at layunin ng mga ipinatutupad na pamamaraan ng edukasyon tungo sa kaganapan at pag-unlad ng tao.

Kung babalikan natin ang mga pundamental na paksa ng pilosopiya na inilahad ni Mabaquiao (2011) ang pilosopiya ng edukasyon ay maituturing na isang sangay ng etika sapagkat ito ay tumutukoy sa lalong ikabubuti ng tao. Maaari rin itong ihanay sa ilalim ng epestimolohiya sapagkat napapaloob dito ang pagsusuri ng mga kaalaman batay sa katotohanan nito na siya naman paksa ng lahat ng pamamaraan ng edukasyon. Di rin maaaring ilayo ang Pilosopiya ng Edukasyon sa metapisika sapagkat lahat ng pilosopiya ng edukasyon ay nagsisimula sa pagkakilala sa tao at sa mga pundasyon na bumubuo sa kanya.

Sa puntong ito masasabi na di maaaring maghiwalay ang pilosopiya at edukasyon ayon nga kay Emerita Quito, sa kanyang aklat na “A New Concept of Philosophy” “walang siyensiya o sining na mailalapat ng maayos ng walang pilosopiya sa likod nito (1990, sa akin ang salin).” Samakatwid, ang pag-unlad din ng edukasyon ay hango sa pagtatalaban ng praktikal o

tuwirang gamit ng kaalaman at ng mapagnilay na paghahanap ng kahulugan ng pilosopiya. Ang sobrang pagkapit sa gawa at praktikal na bagay ay parang makina na lamang, samantalang ang sobrang pilosopiya ay pawang imahinasyon lamang. Kaya kinakailangan ang pagsasanib ng pag-iisip at praktikal na paggawa na tinatawag na Pilosopiya ng Edukasyon.

Sa huli ay masasabi natin na ang pananaw na ang edukasyon ay para lang sa mga edukador, at dapat ng iwanan na ng pilosopiya, ay maaari na ring tawaging isang Pilosopiya ng Edukasyon. Ang mga tagapagtaguyod ng kaisipang ito ay kumakapit din sa isang pilosopiya na tulad ng iba ay naghahangad din ng ikabubuti ng tao at ng kanyang paligid.

II. Ang Pagsibol ng Pilosopiya ng Edukasyon

Likas sa tao ang paghahangad na matuto ayon kay Aristoteles, kaakibat na ng pagiging tao ang paghahanap ng mga pamamaraan para sa pagkatuto. Kaya noon pa mang **Panahon ng Antigo** ay mayroon ng Pilosopiya ng Edukasyon. Sa puntong ito ay hihimayin ang kasaysayan ng pagkatuto sa dalawang magkahiwalay na lugar sa pagitan ng Kanluran at Silangan.

a) Edukasyon sa Kanluran

Kanlurang kamalayan ang ginagamit na pangalan upang ilarawan ang kabihasnang nabuo sa Europa, kasama na din dito ang makabagong kabihasnang Amerika, bagaman may Antigong kabihasnang Amerika ang kasalukuyang kalagayan nito ay bunsod na ng pananakop ng mga Europeong bansa gaya ng Britanya at Pransya. Kaya nga kung ang pag-unlad dito ay nahahati sa apat na bahagi, ang Antigong Kanluran, Panahong Medyebal, Panahong Moderno, at Post-moderno, ay ganun na rin maaaring basahin ang pag-unlad ng Pilosopiya ng Edukasyon.

Ang pilosopiya ng edukasyon sa **Antigong Kanluran** ay nagsimula sa mga dakilang guro na tinatawag na Sophists. Ang kanilang pangalan ay buhat sa salitang Greyego na *Sophia* na nangangahulugang “karunungan”, sila ang tagadala ng karunungan. Mayroong dalawang uri ang mga gurong ito, una ang positibong-uri kung saan nagtuturo ang mga ito ng mga kaalaman at kagandahang asal ng walang bayad. Ginagawa nila ito para lang sa ikauunlad ng karunungan. Si Socrates, ang dakilang pantas ng Kanluran, ang isa sa mga guro sa ganitong grupo.

Isinusulong ni Socrates ang pagtitiwala sa kaisipan at karunungan ng tao bilang pamantayan ng pakikipagkapwa at gayundi ang pagmamahal sa bayan. Ang ikalawang grupo ng mga sophists ay ang negatibong-uri kung saan nagtuturo sila ng retorika o ng galing sa pagsasalita. Ginagawa naman nila ito na may kapalit na bayad. Marahil ititulak ang grupo na ito ng pagsulong ng espesyalisasyon ng trabaho kung saan ang bawat isa ay nangangailangan na ng trabaho upang magkaroon ng ikabubuhay kaya napilitan ang mga guro na gawing hanapbuhay ang pagtuturo. Si Protagoras ang pinakatanyag sa grupo na ito kung saan sinabi niya na “ang tao ang sukatan ng lahat ng bagay.” Marami pang sumunod na mga kilalang guro sa pasimula ng antigong kanluran subalit wala ng hihigit pa kina Platon at Aristoteles

Si Platon ang dakilang mag-aaral ni Socrates. Sa pagpanaw ng kanyang guro ay pinili niyang ipagpatuloy ang pagtuturo sa pamamagitan ng pagtatatag ng kauna-unahang formal na paaralan na tinawag na Akademiya. Ang ibig sabihin ng formal ay katulad na ito ng kasalukuyang salik ng edukasyon kung saan mayroong: mag-aaral, guro, lugar ng pagtuturo o silid aralan, oras ng pag-aaral, at mga subheto na dapat matutunan. Naiiba ito dahil bago dumating si Platon, ang pag-aaral ay nagaganap lamang sa ilalim ng mga puno, palengke at mga templo. Ang nasabing paaralan ay may kakaibang kurikulum na nababatay sa ideyalismo- ang pananaw na ang dapat matutunan ng tao ay katotohanan na di nagbabago o di lumilipas. Ito ay ang mga kaalamang tulad ng matematika at lohika. Sumunod kay Platon si Aristoteles na nagtatag ng Liceo at realismo naman ang paraan na niyakap niya. Ang realismo ay isang pananaw na nagsasabi na ang mga bagay sa paligid tulad ng mga halaman at hayop ay totoo din at nararapat na pag-aralan dahil ito ay makakatulong sa pagsulong at pag-unlad ng tao. Para kay Aristoteles ang dapat maging usapin ng pag-aaral ay ang mga bagay-bagay na nakikita sa paligid at hindi ang mga nabubuo lang sa isipan ng tao (Ozmon and Craver, 1990).

Hanggang noong **Panahong Medyebal** ay mga monasteryo at seminaryo naman ang naging sentro ng pag-aaral. Dito nagsimula ang konsepto ng pagtatayo ng mga pamantasan at ang pagpasok ng mga “*Religious Orders*” sa mga gawaing pang-edukasyon (Estioko, 1994). Ang mga pari ang naging pangunahing tagapagsulong ng edukasyon na nag-uugat sa pilosopiya ng mga Kristiyano. Ang pilosopiyang ito ay naniniwala na ang tao ay nilikha na kawangis ng Diyos. Kaya ang buhay at karunungan ng tao ay marapat

lamang gamitin sa pagkilala, pagmamahal, at paglilingkod sa Diyos. Tanyag sa panahon na ito ang mga banal at pantas na sina San Agustin ng Hippo at Santo Tomas ng Aquino. Sila ang itituturing na mga doctor ng simbahan kung saan ang kanilang mga kaisipan ang naging pundasyon ng katuruan ng simbahan pagdating sa usapin ng pananampalataya at moralidad.

Pagdating sa pilosopiya ng edukasyon ay masasabi natin na sila ang nagpatuloy ng mga kaisipan ni Platon at Aristoteles sa Panahong Medyebal. Si San Agustin ay hiniram ang ideyalismo ni Platon at ginamit ito sa relihiyon kaya nabuo niya ang panrelihiyong ideyalismo. Para sa kanya ay maaari lamang maarok ang katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at pansariling paghinay (Ozmon and Craver, 1990). Ang kaisipan ni Platon ukol sa mundo ng mga idea at mundo ng mga material ay ginamit din ni Agustin at sinabi niyang ito ay tulad din ng kanyang kaisipan na Lungsod ng Diyos at Lungsod ng Tao. Sinasabi niya na ang Lungsod ng Diyos ay tulad ng Mundo ng mga Idea ni Platon na perpekto at nararapat lamang hangarin at pagtuunan ng pansin ng mga tao. Samantalang ang Lungsod ng mga Tao, tulad ng Mundo ng Material ni Platon ay hindi dapat pag-ukulan ng pansin. Samakatuwid ang pag-aaral para kay San Agustin ay nararapat lamang na nakatuon sa pagpapadalisa ng moral at intelektual na karanasan para sa ikaluluwalhati ng Diyos (Ozmon and Craver, 1990). Sa paghawak naman ni Santo Tomas sa kaisipan ni Aristoteles ay isinulong niya ang panrelihiyong realismo. Matindi ang paniniwala ni Santo Tomas na totoong tulad ni Agustin ay maaaring maabot ang katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya subalit maaari din itong maabot sa pamamagitan ng kaisipan at lalong higit ay sa pamamagitan ng pag-aaral sa paligid. Kaya nga kilala siya sa kanyang pagpapatunay sa pag-iral ng Diyos sa pamamagitan ng limang argumento: argumento ng simula at dahilan, argumento ng galaw, argumento buhat sa iba't ibang antas sa paligid, argumento buhat sa pansamantala at pangunahing pag-iral, argumento buhat sa desinyo ng kalikasan. Dito makikita ang kaibahan ni Santo Tomas kung saan pinapahalagahan niya ang pag-aaral hindi lamang nakabatay sa isip at pananampalataya kundi pati na rin ang mga may kinalaman sa material na katawan at paggawa ng tao.

Dulot ng unti-unting paghina ng Simbahan at ng mga monarkiyang sumusuporta dito dumating ang **Panahong Moderno**. Ito ay dala ng tatlong rebolusyon.

Una ay ang politikal kung saan ang karapatan ng mga monarkiyang magpatuloy sa pamumuno buhat sa banal na basbas ay hindi na kinikilala ng mga tao at naghangad sila na magtatag ng pamahalaan na nakabatay sa karapatan ng bawat isa na pumili at gabayan ang pamamahala ng saligang batas na ginawa hindi ng iisang tao kundi ng lahat ng tao. Ikalawa ay ang ekonomikal, dito ay nagbago ang moda ng paggawa buhat sa sistemang feudal na nakabatay sa agrikultura ay dumating ang industriyalisadong paggawa kung saan nakasandal ito sa mabilisang produksyon dulot ng mga makina. Sa tagpong ito ay nadagdagan na ang may kontrol sa capital, buhat sa simbahan at monarkiya ay naging makapangyarihan na din ang mga pribadong negosyate at ang pamahalaan na binuo ng mga tao. Ang siyentipikong rebolusyon naman ay nagsimula sa paghamon at pagbangga ng mga siyentipiko sa mga paniniwala ng simbahan. Halimbawa na nito ay ang pagbasag nina Copernicus at Galelio sa matandang paniniwala ng simbahan na ang daigdig ang sentro ng kalawakan kung saan sinabi nila na ito ay araw.

Sa usapin ng edukasyon ay tampok ang ideyalismo na nababatay sa siyensya sa panahong ito. Ang pag-aaral ay nakasandal sa “scientific method” o maka-siyensiyang pamamaraan (Ozmon and Craver, 1990). Sa panahong ito na rin lumitaw ang maraming pampubliko at pamprivadong pamantasan dulot ng pagkakaroon ng espesyalisasyon sa iba't ibang larangan. Sa panahon ding ito lumago ang tradisyong analitiko. Ang analitiko ay nakatuon sa pagbibigay-linaw sa mga salita, pamamaraan at mga konsepto, tulad ng isang Siyensya o Matematika. Si Rene Descartes ang isa sa mga tanyag sa panahong ito kung saan sinabi niya na tangin ang kaisipan ang bukal ng karunungan, ito ay tinawag na rasyunalismo. Ang ganitong pananaw naman ay sinalungat ni John Locke kung saan para sa kanya ang bukal ng karunungan ay manggagaling lamang sa karanasan. Para kay Locke, ang utak ng tao ay walang laman sa simula o tinawag niyang *tabula rasa*, nagkakaroon lamang ng laman ito dulot ng mga karanasan.

Subalit agad din itong naunsiyami sa pagdating ng **Kasalukuyang Panahon o Postmodernismo**. Ang mga pamantasan ay mas naging bukas sa iba't ibang uri ng pananaw, paraan ng pagtuturo, at layunin. Ilan sa mga tradisyong umunlad sa panahong ito ay ang behabiyorismo, eksistensiyalismo, at rekonstruksiyonismo. Ang behabiyorismo ay naniniwala na ang lahat ng pagkatuto ay dulot ng mga salik-pisikal at panlipunan na ginagalawan ng tao. Sa gayon ay tila nagiging produkto ang tao ng lipunan at

ng kanyang mga biyolohikal na kaganapan. Tanyag na mga tagapagsulong ng behabiyorismo sina Ivan Pavlov, na nagsulong ng *klasikong conditioning*; John B. Watson, na nagsulong sa kahalagayan ng kapaligiran sa mga galaw ng tao; at B. F. Skinner na nagsulong ng kahalagahan ng biyolohikal na salik at pang kulturang salik sa mga galaw ng tao (Ozmon and Craver, 1990).

Taliwas naman ang paniniwala ng pamamaraang eksistensiyalismo kung saan mas nakatuon ito sa pagbibigay ng kalayaan sa tao upang magdesisyon at pumili sa kanyang kinabukasan. Mas naging bukas ito sa mas malaking responsibilidad ng tao sa pagkatuto. Kalakip ng kaisipan ito ang di bukas ng pagtanggap ng mga tao sa hanay ng edukasyon dahil malimit itong naiugnay sa mga liberal o pilosopo na hindi nagpapahalaga sa paniniwala sa Diyos na isinusulong ng mga tradisyunal na relihiyon. Subalit magandang saysayin na may dalawang uri ng eksistensiyalismo, ito ay ang grupo ng mga naniniwala sa Diyos ng tradisyunal na relihiyon tulad nina Soren Kierkegard at Martin Buber. Ang mga ito ay naniniwala na may kalayaan talaga ang tao subalit kalakip rin nito ang katotohanan ng Diyos na nakakaunawa sa lahat. Ang ikalawang grupo naman ay ang mga walang pagpapahalaga sa tradisyunal na paniniwala ng relihiyon sa Diyos gaya nina Martin Heidegger at Jean-Paul Sartre. Mas nakatuon ang grupong ito sa kalayaan ng tao na magdisisyon sa kanilang buhay na nagsimula sa pagsilang at nagtatapos sa kamatawan. Samakatwid ay inaalas na nito ang paniniwala ng naunang grupo sa kabilang buhay bilang kasunod na kalagayan.

Sumunod dito ang rekonstruksiyonismo, para sa konseptong ito, ang lipunan ay nangangailangan ng pagbabago kaya ang edukasyon ay dapat nakatuon sa mga bagay na makatutulong para sa pagsasaayos at pagpapanatili ng kaayusang panlipunan. Napaiilalim sa kilusang ito ang Marxista, pragmatiko, at progresibong edukasyon. Si Karl Marx ang nagpasimula ng Markistang edukasyon, isinulong niya ang pagkakapantay-pantay ng tao sa oportunidad, kalagayan at yaman. Para kay Marx, sa pamamagitan ng edukasyon ay kailangang baguhin ang lipunan, sapagkat ayon sa kanya “ipinaliliwanag lang ng mga pilosopo ang daigdig, pero ang punto ay dapat itong baguhin.” Kaya dapat ang hamon ng edukasyon ay baguhin at isaayos ang mundo. Ang pragmatiko naman na lumaganap sa Amerika ay nagbigay pansin sa pagtuturo ng mga bagay na mas magagamit sa pang-araw-araw na buhay, di nito layunin na baguhin ang lipunan ng tuwiran, kundi magbigay ng kakayahan sa mga tao upang makasabay sa hinihingi ng lipunan. Si

John Dewey and isa sa pinakakilalang tagapagsulong nito. Ayon sa kanya, wala namang mga pagkalahatang katotohanan na maaring maging batayan ng sa lahat ng pagkakataon, sahalip ang maari lamang batayan ay ang kahalagahan ng isang kaisipan sa totoong karanasan. Ang mahalaga samakatuwid ay resulta o produkto at hindi ang anupamang paniniwala. Sa simula ay hindi ito tulad ng idealismo, na ang hangarin ay bumuo ng perpektong lipunan dahil ang hangarin nito ay baguyin ang katayuan ng mga tao sa loob ng lipunan sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga kasanayan, subalit sa huli ay babaguin na rin nito ang lipunan sa pangkalahatan. Samantalang ang progresibong edukasyon naman ay nakabatay sa pagbibigay ng karanasan sa bata na magagamit di lamang sa loob kundi maging sa labas ng paaralan. Malaki ang kaugnayan ng tradisyong ito sa pragmatismo. Tulad ng pragmatismo ay mahalaga din progresibo ang resulta at pagtugon sa mga pangangailangan at problema subalit ang higit na pinapahalagahan dito ay ang proseso. Mas mahalaga ang unti-unting paggawa o ang pagdaan at pag-alam sa bawat bahagdan ng gawain dahil makakatulong ito upang higit na mapag-ayos ang gawain at produkto. Mahalaga din ito upang maipasa sa iba ang kaalaman.

Ang pag-unlad na ito ng iba’t ibang pananaw at gawi sa edukasyon ay lalo pang nagpatibay sa lubid na nagbibigkis sa pagitan ng edukasyon at pilosopiya. Kaya’t hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na umuunlad ang pilosopiya ng edukasyon .

b) Edukasyon sa Silangan

Di tulad ng Kanluran na may isang sistema kung saan may iba’t ibang yugto, ang Silangan naman ay may iba’t ibang sistema na di maaring pagsamahin sa iisang pagbasa lamang. Dito makikita ang mga sistema ng pilosopiya ng China, India, at ng Gitnang Silangan. May ilang nagsasabi na marapat isama sa bilang ang Japan bilang pang-apat na sistema, subalit mas pinili ng mananaliksik na limitahan na lamang muna sa tatlo ang mga pangunahing pangkat sa dahil sa palagay na ang mga ito ang nauna at higit na may impluwensya sa mga karatig lugar. Bagaman maaring sabihin na hindi naman mga pilosopiya ang mga ito kundi relihiyon, subalit napakagandang tingnan na sa Silangan ang pilosopiya at relihiyon ay iisa. Itinatangi dito ang mga dakilang guro tulad nina: Confucious, Mencius, at Laotse ng China; Gautama Buddha ng India; Muhammad ng Arabia at Jesus ng Israel para sa Gitnang Silangan. Ang edukasyon para sa panahong ito

ay nakatuon hindi lamang para sa pag-unlad ng buhay na ito, kundi lalong higit ay sa pagkakaroon nang maayos na katayuan sa kabilang buhay (Ozmon and Craver, 1990). Walang pormal na paaralan na gaya ng Kanluran, sa halip ang edukasyon ay nakasentro sa ugnayan ng guro at mga mag-aaral. Ang mga guro ang sila na ring tumatayong propeta, pinuno, o hurado ng lugar sapagkat ang edukasyon, relihiyon at pilosopiya ay iisa at magkakaugnay.

Hinduismo at Buddismo ng India

Walang itinuturing na pinuno o tagapanimula ang Hiduismo, ang pag-unlad nito ay nakasabay lamang sa pag-unlad ng mga naninirahan sa gilid ng Ilog Indus sa India. Kaya nga masasabi na hindi naman ito pilosopiya o relihiyon sapagkat ito ay tumutukoy sa pamamaraan lamang ng pamumuhay ng mga tao sa lugar na ito. Samakatwid, wala itong isang sistema o isang direksyon. Lahat ng mga maaring sabihing paniniwala at pamamaraan ng pamumuhay sa nasabing lugar ay maituturing na kabilang sa Hinduismo. Walang iisang Diyos, kundi kumikilala sa iba't ibang Diyos na walang pagtatangi. Kaya nga masasabi na ang pilosopiyang ito ay may pagtangkil sa pluralismo o pagkilala sa katotohanan ng iba't ibang palagay. Bagaman may ilang kilalang Diyos sa tradisyong ito, sina: Shiva, Vishno, at Bhrama. Samantalang ang mga turo ay nakasulat sa mga banal na libro na : Upanishads, Vedas, at mga Epiko gaya ng Ramayana, Mahabharata, at Bhagavad-Gita.

Ang Buddismo naman ay pinasimulan ni Siddhartha Gautama Buddha. Isinilang siya sa isang marangyang pamilya at bilang prinsipal ay inaasahan siya na magpapatuloy sa mga sinimulan ng kanyang amang hari bilang lider pulitikal. Subalit mas pinili niya ang landas ng relihiyon at pilosopiya. Umakyat siya sa bundok at iniwan ang marangyang buhay sa kaharian. Makalipas ang anim na taon ay bumaba siya buhat sa bundok dala-dala ang kanyang katuruan na tinatawag na ang Apat na Dakilang Pamantayan: 1. Mahirap ang buhay, 2. May dahilan ang hirap ng buhay, 3. Maaring mawala ang hirap ng buhay, 4. At may daan para mawala ang hirap ng buhay.

Ang edukasyon sa diwa ng dalawang katuruang ito ay umiikot sa katuruan ng Karma kung saan ang bawat gawa ay may karampatang katuwang na epekto mabuti man o masabi. Layunin ng bawat isa na gumawa ng mabuti at alisin ang paghahangad upang sa pagdating ng kamatayan ay higit na kaluwalhatian ang makakamtan sa muling pagkabuhay. Kung sakali naman

at lubos na maabot ang kadalisan at mawala ang paghahangad ay maari ng makarating sa Nirvana-isang antas ng kawalang kagustuhan na maaaring makibahagi na sa Dakilang Pangkalahatan.

Judaismo, Kristiyanismo at Islam ng Gitnang Silangan

Malimit iniugnay sa Kanluran ang Judaismo at Kristiyanismo, subalit kung babalikan ang pundasyon ng mga ito ay marapat lamang na ibalik sila sa Silangang tradisyon dahil dito sila sa bayan ng Israel nagmula. Gayunpaman di maikakaila na ang higit na nagpakalat nito ay ang Kanluran. Samantalang ang Islam ay talagang sa Gitnang Silangan nagsimula, yumabong at may ilan ding tagasunod sa Kanluran at Africa. Bagaman sa kasalukuyan ay talagang magkakaibang paniniwala ang tatlo, sa puntong ito ay higit na mas magandang tingnan ang kanilang pagkakarapareho. Pareho silang naniniwala sa iisang Diyos, si Yaweh sa Judaismo, Isang Diyos sa Tatlong Persona sa Kristiyanismo, at Allah sa Islam. Ang kanilang mga banal na aklat ay kapwa naglalaman ng halos parehong texto, ang Torah ng Judaismo, Bibliya ng Kristiyanismo, at Koran ng Islam ay kapwa kumikilala sa mga propeta tulad ni Abraham, Isaac, Moses at marami pang iba.

Judaismo ang maituturing na ugat ng Kristiyanismo at Islam, kung saan sinasabi na si Abraham ang nagsimula ng paniniwalang ito sa iisang Diyos sa lupain ng Israel. Si Jesus naman ang itinuturing na nagtatag ng Kristiyanismo na sa simula ay isang maliit ng sekta ng Judaismo sa lupain din ng Israel. Kaya nga ang unang bahagi ng Bibliya ng mga Kristiyano ay ang Lumang Tipan na katulad din ng Torah ng Judaismo. Ang Islam naman na pinaniniwalaang sinimulan ni Muhamad sa lupain ng Saudi Arabia na sumunod sa Kristiyanismo ay naglalaman din ng mga bahagi ng Torah ng Judaismo at Lumang Tipan ng Kristiyanismo, gayundin laman nito ang kwento ni Jesus bilang isang mabuting propeta.

Ang Judaismo at Kristiyano ay may kani-kanilang batas sa pananampalataya. Subalit kapwa nila itinatangi ang batas na ibinigay ng Diyos kay Moses ang Sampung Utos: 1. Ako ang iyong Diyos, Huwag kang magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa akin, 2. Huwag mong gamitin ang pangalan ng Diyos sa di mahahalagang bagay, 3. Panatilihin mong banal ang Araw ng Pamamahinga, 4. Igalang mo ang iyong mga magulang, 5. Huwag kang papatay, 6. Huwag kang makikiapid, 7. Huwag kang magnanakaw, 8. Huwag

kang magsisinungaling, 9. Huwang kang makikipagrelasyon sa asawa ng iba, 10. Huwag mong aakinin ang pag-aari ng iba. Samantalang ang mga Muslim o tagasunod ng Islam ay sinusunod ang Limang Haligi ng Islam: 1. Shahadah - ang pagpapahayag ng pananampalataya na si Allah ang totoong Diyos at si Muhamad ang kanyang huling sugo, 2. Salah - ang pananalangin ng limang beses sa isang araw ng nakaharap sa Mecca, 3. Zakat - ang pagbibigay kaya para sa mga nangangailangang kapwa, 4. Zaum - ang pangangailan sa loob ng tatlong araw, kung saan umiiwas sa pagkain o anumang magbibigay ng luho at kaligayang pangkatawan simula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, 5. Hajj - ang paglalakbay sa Mecca bilang banal na gawain ng bawat isang Muslim bago sumapit ang kanilang kamatayan.

Taoismo at Confucianismo ng China

Kapwa mga dangal ng China sina Lao Tzu na nagpasimula ng Taoismo at Confucius ng Confucianismo. Bagaman isinilang sila sa parehong panahon saglit na nauna si Lao Tzu kumpara kay Confucius. Walang makapagsabi kung nagkaroon sila ng ugnayan tulad nina Socrates, Platon at Aritoteles, subalit ang sigurado ay nagkaroon ng ugnayan ang kanilang mga turo o kanilang mga mag-aaral. Samantalang di tulad ng ibang mga relihiyon sa Silangan ay hindi pinag-uusapan sa mga ito ang tungkol sa isang Makapangyarihang Nilalang o Diyos, sa halip ang pinag-uusapan sa dalawang kaisipang ito ay ang kalagayan ng tao sa kaligiran ng kalikasan at sa panlipunang kalagayan.

Nakapaloob sa aklat na Tao Te Ching ang mga turo ni Lao Tzu. Matuwid na sinasabi ni Lao Tzu na upang maabot ng tao ang kasiyahan ay nararapat lamang na maiyon niya ang kanyang sarili sa daloy ng kalikasan. Sa ganitong diwa, nararapat lamang na abutin ng tao ang kanyang kahinahunan na nakasandal sa kalikasan. Ang anumang pamamaraan na kumikitil sa kalikasan ng tao gaya ng mga batas at mga pamantayan ay kailangan iwasan sapagkat hindi ito makakatulong sa pagkakaroon ng kaaya-ayang kalagayan para sa lahat. Maaring pasubalian na ang ganitong turo ay maaring magdala sa relativismo o kalagayan ng pagkakanya-kanya at kawalan ng pamantayan na aangkop sa lahat.

Sa mga aklat naman na: *Analect*, *Great Learning*, *Book of the Mean*, *Mencius*, nakalagak ang mga kaisipan ni Confucius. Di tulad ni Lao Tzu na may pagtatangi sa pagsunod sa daloy ng kalikasan, matimbang kay Confucius ang paghahanap sa

kabutihan sa kalooban ng tao upang magamit sa pagpapaunlad ng lipunan. Hangad niya ang kapanatagang panlipunan dahil para sa kanya ay ito ang sumasalamain sa kabutihan ng tao. Maigting pagpagtuturo niya ng mga ritwal at alituntunin na dapat sundin sa mga kaganapan at pagdiriwang. Makikita dito ang lubos na pagpapahalaga ni Confucius sa aspetong politikal ng bawat gawain ng tao. Malinaw sa kanya na ang pagsunod ng tao sa mga ritwal at pampulitikang gawi ay magdadala sa panlipungan katarungan at kagalingang panlahat.

III. Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas

Walang pag-aalinlangan na masasabing may kasaysayan ng edukasyon sa Pilipinas, gayundin ay masasabi na may mga Pilipinong palaisip na talagang naglaan ng panahon at kakayahan upang ito ay bigyang hugis buhat sa mga nagaganap patungo sa mga pundasyon ng pilosopiya na sa palagay nila ay higit na magdudulot ng kagalingan. Kaya nga sa halip na ipangalandakan ng papel na ito na may Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas ay dadaanan na lamang nito ang dalawang landas na maaring matanaw ang mga tanda nito. Harimanawari'y matanto ng mambabasa sa pagitan ng dalawang landas na ito; ang landas ng kasaysayan at landas ng mga pilosopo, na may nabubuon Pilosopiya ng Edukasyon sa bansa.

a) Edukasyon sa Pilipinas

Matatawag na pragmatiko ang direksyon ng edukasyon sa **Panahon Bago ang mga Kastila** sapagkat ang pag-aaral ay kasabay na ng paggawa. Ang mga paksa ng pag-aaral ay pagsasaka, pangangisda, at pangangaso na kalimitang nangyayari sa pagitan ng magulang o matatanda bilang guro at mga bata bilang mag-aaral at katuwang. Sa usapin ng relihiyon ay mga Babaylan naman ang nagtuturo sa mga bata. Sa ganitong sitwasyon ay walang matatawag na formal na edukasyon tulad ng panahong moderno na may paaralan, guro, at detalyadong kurikulum para sa mga mag-aaral. Wala ring pambansang sistema sapagkat halos sa bahay, tribo, o nayon lamang ang saklaw ng pag-aaral.

Maaari ring sabihin na sa panahong ito ay may kaunting pagka-esensiyalismo ang edukasyon sapagkat nagtuturo na rin dito ng mga pundasyong kaalaman na pangmatagalan o di lumilipas tulad ng pagsulat, pagbasa, at pagbilang, sapagkat may sarili ng paraan ng pagsulat ang mga Pilipino noon pa man. Pinatunayan ito

ni Pedro Chirino noong 1604 sa kanyang salaysay. Ayon sa kanya “lahat ng mga tao sa isla na ito ay marunong sumulat at bumasa, mahirap makakita ng isa man sa kanila na hindi nakababasa o nakasusulat ng mga titik na ginagamit sa pulo ng Maynila (Estioko, 1994- sa akin ang salin).” Subalit ang pag-usbong na ito ay natigil dahil sa pagdating ng mga Kastila.

Pagdating naman ng mga Kastila simula taong 1521 hanggang 1862 ay nagsimula ang magkahalong mala-esensiyalismo at Tomistikong Edukasyon sa bansa. Ito ay may pagka-esensiyalismo sapagkat nakatuon sa pagtuturo ng mga pundasyong aralin tulad ng pagsulat, pagbasa, pagbibilang, literatura, at wika. Samantalang Tomistiko sapagkat nakasentro ito sa Romano Katolikong paniniwala. Ang edukasyon ay ginagamit sa pagtuturo ng dasal at katesismo para sa kaligtasan ng kaluluwa upang makarating sa kaluwalhatian sa kabilang buhay. Nagaganap ang pagtuturo na ito sa mga pamparokyang paaralan na karaniwang matatagpuan lamang sa mga cabetesera o sa mga mauunlad na sentro. Mga pari ang nagtuturo at limitado lamang ang bilang ng mga mag-aaral sa mga higit na may kaya sa lipunan o dili kaya ay sa iilang malalapit sa simbahan.

Samantalang simula sa taong 1863 ay nagkaroon na ng sistemang pang-edukasyon na nasyonal ang sakop dulot ng kautusan ang Hari ng Espanya na tinatawag na Kautusang Pang-edukasyon 1863. Ayon sa kautusang ito kailangang: a) magtayo ng sistemang pang-edukasyon ang bansa na binubuo ng elementarya, sekondarya, at kolehiyo; b) ang gobyerno ang mamamahala sa mga paaralang ito, c) magtatayo ng mga institusyon para sa pagsasanay ng mga guro (Fresnoza and Casim, 1964). Bagaman sinasabi ng kautusang ito na ang estado ang mamamahala sa edukasyon, naging mas makapangyarihan ang simbahan pagdating sa direksyon ng edukasyon sapagkat ang mga paaralan ay nakatayo sa tabi ng simbahan at kalimitan ay mga pari ang nagsisilbing guro rito. Sa huli, masasabi na bagaman natutong magbasa, magbilang, at sumulat ang mga Pilipino ayon kay Graciano Lopez Jaena sa kanyang sulat noong 1887 “walang natutunang mahalaga at magagamit sa buhay ang mga Pilipino sapagkat tinuruan lamang sila para magdasal at hindi para magtrabaho” (Corpuz, 1989-sa akin ang salin).

Makalipas ang mahigit tatlong sentenaryo ay dumating naman ang mga Amerikano na sa simula ay nagdala ng edukasyong esensiyalismo na nagtuturo muli ng pagsusulat, pagbabasa, pagbibilang, at literatura ngunit sa wikang Ingles. Sa huli ay dinala ng mga Amerikano ang edukasyon tungo sa pragmatikong

direksyon na siya namang sikat na sikat na pilosopiya sa Amerika. Ito ay pilosopiya ng pag-aaral kung saan ang pagkatuto ay sumasabay sa paggawa. Tinuruan nila ng mga praktikal na bagay ang mga Pilipino tulad ng pagsasaayos ng komunidad, pagkukumpuni, pagsasaka, at kalinisan. Samantalang ang mga pamantasan ay nagbukas ng mga kursong bokasyonal, teknikal at inhinyero sa iba’t ibang disiplina (Estioko, 1994). Naging katanggap-tanggap ang pananaw na ito sapagkat kinakailangan noon ng mga Amerikano ang maraming manggagawa sa mga pabrika para sa mga hilaw na produkto na ipinadadala sa Amerika.

Dahil sa pagtatayo ng pampublikong paaralan at pamantasan sa panahong ito, ang edukasyon ay naging malapit para sa lahat di tulad ng panahon ng mga Kastila na para lamang sa iilan. Sa pamamagitan ng Batas Bilang 74 ay binuo ang *Department of Public Instruction* na namamahala sa lahat ng mga usaping pang-edukasyon. Sa puntong ito naging magkahiwalay na ang saklaw ng simbahan at estado. Bagaman patuloy pa rin ang paaralang Katoliko, napailalim naman ito sa direksyon ng estado. Sa gayon ay nagkaroon ng malinaw na kurikulum ang mga paaralan at nalimitahan ang mga Katolikong paaralan sa pagtuturo ng kanilang relihiyon.

Mahigit ding kalahating sentenaryo ang pananatili ng mga Amerikano sa bansa, bagamat saglit itong pinutol sa pagdating ng mga Hapon, dumating din ang panahon na mga Pilipino na ang namahala sa bansa noong 1946. Kaya’t ang direksyon ng edukasyon sa kasalukuyan ay maaari ng tawaging edukasyong Pilipino.

Sa kasalukuyan, ang itinuturing na pilosopiya ng edukasyon para sa mga Pilipino ay ang mga nakapahayag (una)sa Batas Pang-edukasyon blg. 1982 o kilala din na Batas Pambansa Bilang 232. Naglalayon ang batas na ito na bumuo ng isang matatag na sistemang pang-edukasyon. (Pangalawa) Malinaw sa Konstitusyon ng Pilipinas noong 1987, sa Artikulo bilang XIV ang pantay-pantay na karapatan para sa libreng edukasyon. Subalit ayon kay Estioko (Estioko, 1994- sa akin ang salin), isang iskolar ng edukasyon, ang mga batas na ito ay pawang mga pinagsama-samang mithiin lamang para sa edukasyon simula pa kay Confucious hanggang kay Dewey. Datapwat hindi ito isang pilosopiya ng edukasyon, sapagkat ang pilosopiya ng edukasyon ay naglalaman ng pangunahing adhikain ng mga Pilipino bilang isang nasyon. Kaya ayon kay Estioko dapat munang buuin ang pagka-Pilipino sa tulong ng Pilosopiyang Pilipino upang malaman kung ano ba ang kanyang dapat abutin

bilang nasyon. Sa gayon ay mabubuo ang pilosopiya ng edukasyon at susunod pa lamang ang pagbuo ng sistema ng edukasyon upang maabot ang nasabing pilosopiya.

Sa huli ay tinawag ni Estioko ang mga nabanggit na batas bilang pilosopiya ng edukasyon sa papel. Tanging sa papel lang ito nagkakaroon ng pag-iral sapagkat kakaiba naman ang pilosopiyang isinasabuhay ng mga tao. Sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino ay mas kapansin-pansin ang pragmatikong pananaw kung saan tinitingnan ang direksyon ng edukasyon bilang paraan para makapagtrabaho sa ibang bansa. At ang masakit pa nito ayon kay Quito sa kanyang artikulo “Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino” (1985) “ang pinakamasamang maaaring mangyari sa isang bansa lalo na sa *Third World* gaya ng Pilipinas ay ang walang humpay na paglisan at pananatili sa ibang bansa ng kanyang mga propesyonal.”

b) Mga Pilipinong Pilosopo sa Kaligiran ng Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas

May mga iilang pambihirang Pilipino na naglakas loob na tingnan at suriin ang mga pundasyon ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas, ilan sa mga ito ay sina Jose Rizal, at Renato Constantino at Emerita Quito.

Jose Rizal

Itinuturing na pambansang bayani ng Pilipinas si Jose Rizal. Isinulat niya ang dalawang nobela, ang *Noli Metangere* at *El Filibustirismo* na talagang naglalarawan ng kalagayan ng bansa gayun din ay ang kanyang mga hangarin para sa lubos pang kabutihan nito. Di maaring ituring na pawang manunulat lamang ng novela si Rizal o di kaya ay sa medisina lamang ang kanyang linya at wala siyang puwang sa pilosopiya sapagkat malinaw sa kanyang talambuhay na mayroon talaga siyang pag-aaral sa pilosopiya. Sa pagpasok niya sa Universidad ng Santo Tomas ay kumuha siya sa simula ng kursong Batsilyer ng Sining sa Pilosopiya at Letra kung saan may ilan siyang asignatura sa pilosopiya. Subalit lumipat siya sa medisina makalipas ang isang taon bunsod ng pagnanais niyang gamutin ang paglabo ng mata ng kayang mahal na ina. Samantalang pagpunta niya sa Espanya upang ipagpatuloy ang pagkadalubhasa sa medisina ay nakakuha din siya ng Lisensya sa Pilosopiya. Sa huli ay maari din nating pasubalian na hindi sapat o batayan

ang tinapos na kurso, kung nag-aral man o hindi ng pilosopiya para husgahan ang kanyang kakayahan, ang mahalaga ay kung may punto at dating ba ang kanyang mga kaisipan para matawag na pilosopiya.

Malinaw kay Rolando Gripaldo (2004) sa kanyang aklat na *Filipino Philosophy: Traditional Approach* na pilosopo si Rizal sa tradisyonal na paraan. Kaya si Gripaldo na rin ang bumalangkas at naglagay ng sistema sa pilosopiya ng edukasyon ni Rizal. Ayon kay Gripaldo, malinaw na nakasentro sa nasyonalismo ang pilosopiya ng edukasyon ni Rizal dahil sa mga sulat niya. May pagkilala na rin ito sa sariling wika noon pa man na siyang ugat ng pag-unlad ng edukasyon.

Malinaw ang kaisipan ni Rizal sa katauhan ni Simon, sinabi niya:

“Naghahangad kayo ng pantay na karapatan, ang maging Kastila ang inyong kaugalian, hindi ninyo nakikita na ang hinihingi ninyo ay ang inyong kamatayan, ang pagkawasak ng inyong pambansang pagkakakilanlan, ang pagkawala ng inyong bayan, isang basbas ng karahasan! Magiging ano kayo sa hinaharap? Mga mamayang walang dangal, isang bayang walang kalayaan- lahat ng meron kayo ay hiram, pati ang inyong kahinaan! (akin ang salin)

Ayon kay Gripaldo (2004), may dalawang uri ng tao sa pilosopiya ni Rizal, ang una ay ang malaya (free) at ang ikalawa ay ang mahina o di buo (disfigured). Ang malaya ay naabot na ang tugatog ng kanyang kakayahan at mayroon ding pagmamahal sa bayan. Samantalang ang mahina ay takot abutin ang sariling kasukdulan ng kakayahan at walang pakialam sa bayan, sarili lang ang iniisip. Ayon kay Rizal, wika ni Gripaldo, edukasyon ang susi upang maabot ng mahihina ang antas ng pagiging malaya ng sa gayon ay magkaroon ng bagong tao. Sapagkat kapag may “bagong tao ay may bagong kaayusang panlipunan,” ayon sa kuha ni Gripaldo (Gripaldo, 2004) sa aklat ni Pascual (1962. 211). Mas pinaigting pa ni Gripaldo ang pagka-nasyonalista ng edukasyong isinusulong ni Rizal sa pagkuha niya ng sinabi ni Rizal (Craig 1912,116):

Mas itinataas ko ang edukasyon ng mga tao bilang batayan ng kalayaan, na sa pamamagitan ng pagtuturo at ng industriya ay magkakaroon ng kakayahan ang ating

bansa upang maging karapatdapat sa kanyang paglaya, kaya nga panukala ko sa aking mga sulatin na pag-aralan ang mga pambayang pagpapahalaga, sapagkat kung wala nito ay wala na rin ang kaligtasan! (Gripaldo, 2004- akin ang salin)

Renato Constantino

Itinatangi ng Kagawaran ng Pilosopiya ng Universidad ng Pilipinas si Renato Constantino. Dito siya kumuha ng kanyang batsilyer at masterado sa pilosopiya. Subalit ang kanyang mga sinulat ay di lamang tinatingala ng kanyang inang pamantasan kundi halos lahat ng mga nag-aaral ng pilosopiya at edukasyon sa Pilipinas. Kabilang sa mga kilalang akda niya ay: *Miseducation of the Filipinos* (1959), *Dissent and Counter-consciousness* (1970), *The Philippines: Past Revisited* (1975), *The Philippines: A Continuing Past* (1978), at marami pang iba.

Kakaiba naman ang paglalahad ni Constantino sa edukasyon, ginamit niya ang pagbabaybay ng kasaysayan (genealogy) upang ipakita ang sistema na nagtutulak sa edukasyon. Para sa kanya ang edukasyon sa Pilipinas ay ginamit lamang para lalong mapasailalim sa kapangyarihan ng mananakop ang bansa. Sapagkat ayon kay Constantino sa kanyang artikulo na *Miseducation of the Filipino* “ang pinakamabisang paraan para pasunurin ang mga tao ay sa pamamagitan ng pagsakop sa kanilang kamalayan” (1970, *akin ang salin*”). kaya para kay Constantino ang edukasyon ang naging sandata ng mga mananakop sa giyera laban sa mga Pilipino. Dagdag pa ni Constantino, ang pangunahing layunin dapat ng edukasyon ay:

“lumikha ng mga mamayan na natatanggap at nakatatanto ang pagkabansa at may pag-unawa sa pambansang adhikain para sa kaunlaran ng pamayanan, at hindi magugulong mamamayan na ang alam lamang ay ang alagaan ang kanilang sarili (*Constantino, 1970, akin ang salin*”).

Ang layunin ng edukasyon ay di lang ang matuto ng pagbasa at pagsulat kundi dapat matutunan nila ang edukasyon para sa “**national survival.**” **Kaya nga ang tunguhin o** direksyon nang edukasyon para kay Constantino ay bumuo ng kontra malay (*counter consciousness*) upang palayain ang isip ng mga Pilipino sapagkat para sa kanya “captive” o naikulong sa

pagkiling sa gawi at kalinangang dayuhan ang isip ng mga Pilipino. Ayon kay Constantino:

Ang Edukasyong Pilipino samakatwid ay dapat lumilikha ng mga Filipino na may pag-unawa sa mga problema ng kanilang bansa, nauunawaan ang mga pangunahing lunas sa mga suliraning ito, may kusa na magkaroon ng lakas ng loob na magtrabaho at magsakripisyo para sa kaligtasan ng kanilang bansa (1970, *akin ang salin*).

May halo na pagka-Markista ang direksyon ng edukasyon para kay Constantino.

Emerita S. Quito

Si Emerita Quito ayon kay Romualdo Abulad (“*Introduction*” In Quito, Emerita. *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*” 1990) ang maaaring ituring na Socrates na Pilipino. Isa rin siya sa sinasabi ni Florentino Timbreza na tagahawan ng Pilosopiyang Pilipino. Marami siyang mga aklat at artikulong naisulat sa iba’t ibang sangay ng pilosopiya. Subalit higit sa anupamang paksa ay mas binigyang pansin niya ang pilosopiya ng edukasyon, ilan sa mga artikulo niya sa paksang ito ay ang mga sumusunod: *Philosophy of Education for the Filipinos* (1984), *Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Pilipino* (1985), *Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura* (1981), *Ang Pilosopiya sa Diwang Pilipino* (1972), at *Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon* (1987). Samantalang bilang isang guro ng pilosopiya ay maaring sabihin na siya ang nagsimula at nagtayo ng mga pundasyon ng Kagawaran ng Pilosopiya ng Pamantasang De La Salle.

Ang pilosopiya ng edukasyon ni Quito ay nagsisimula sa pagtatalas niya sa pagka-Pilipino (Mahaguay, 2018). Para sa kanya ay mas makabubuting unawain muna kung sino ang Pilipino bago hangarin ang edukasyong babagay dito. Kaya nga tuwiran niyang isinusulong ang dekolonisasyon (Abenes and Mahaguay, 2017). Kailangan ayon sa kanya alisin ang mga impluwensya ng mga dayuhan ng sa gayon ay lilitaw ang tunay na diwang Pilipino. Sinabi ni Quito “nararapat ibangon ang kalinangang Pilipinong naroon na bago pa man dumating ang mga Kastila sa pamamagitan ng dekolonisasyon o pagkalas sa kalinangan ng kongkistador” (Quito, 1985). Kailangan ang pagkalas sa mananakop dahil para kay Quito “kahit gaano kalaki ang ambag ng mga dayuhan sa bayan gaya ng wika, relihiyon, at salapi, nararapat na ito’y

ipagwalang bahala” (Quito, 1985). Samakatwid ang edukasyong nakatuon sa nasyonalismo ay isang pagbalik sa kalinangan bago pa man dumating ang mga Kastila, dagdag pa ni Quito “ang Pilipinas ay may kalinangan na bago pa man dumating ang mga Kastila, isang kalinangan na matatawag na Pilipino” (Quito, 1985).

Wagas ang pananalig ni Quito na ang unang hakbang tungo sa pagtataguyod ng pambansang damdamin at kamalayan ay may kinalaman sa wika. Kasama niya na nagsusulong ng ganitong kaisipan sina Zeus Salazar (1974) at Prospero Covar (1998) ng Unibersidad ng Pilipinas. Ayon kay Quito, “sa pamamagitan ng wika, tayo ay magbabalik sa mga ugat, sa pinakamalalim na adhikaing namamayani sa ating bansa”(1987). Makikitang ganito rin ang punto ni Salazar sa sinabi niya na “dala ng wika ang ating kulturang kaniya ring pinaunlad.” Sa pagpapatuloy, lumalabas talaga sa kaisipan ni Quito na maaaring sabihin na hindi maaabot ang tunay na antas ng nasyonalismo ng isang tao kung hindi siya marunong magsalita ng wika ng kaniyang bansa. Ayon kay Quito, ang mga ganitong bagay ay hindi na dapat pagtalunan pa sapagkat para sa kaniya, sinumang “nagsasaad na ang nasyonalismo at ang wika ay magkaakbay ay nakayapak sa *terra firma* ng magandang asal at matinong pag-iisip” (1987). Kayâ naman ang adhikain ni Quito ay gamitin ang wikang pambansa ng mga Filipino bilang unang wika ng bansa. Mahalaga ito dahil para sa kaniya “maibubunyag lamang ang malalim na kalungkutan (damdamin) o pighati kung hindi sa sariling wika” (1987).

Paglalagum

Ang Pilosopiya ng Edukasyon ay tumutukoy sa mga direksyon at layunin ng mga ipinatutupad na pamamaraan ng edukasyon tungo sa kaganapan at pag-unlad ng tao. Makikita sa pananaw na ito na ang Pilosopiya ng Edukasyon at pag-unlad ng isang lugar ay iisa lamang at hindi maaring ilarawan ng magkahiwalay. Marahil sa punto ng paghahanap ng tumpak na pilosopiya ng edukasyon na aangkop sa kakanyahan ng Pilipinas ang susunod na nararapat na daanan ng mga Pilipinong susunod sa akdang ito. Sapagkat hanggang walang pag-unlad na nakikita sa paligid ng bansa ay hindi natin maaaring sabihin na mataas na ang antas ng edukasyon dito, dahil dinadayo na tayo ng mga mag-aaral buhat sa mga karatig na bansa gaya ng mga Koreano at Iranian. Maari ring pagnilayan kung ano bang uri ng pag-unlad ang

tinutukoy na dapat ay palatandaan ng edukadong lipunan.

Pinapatunayan lamang ng masalimuot na pagtatapos ng papel na ito na napakayamang diskurso ng Pilosopiya ng Edukasyon sa Pilipinas para pag-ukulan ng pansin ng mga Pilipino. Ito ang isa sa pinakayamang sangay ng pilosopiya sapagkat pinaguugnay nito ang mga produkto ng talas ng isipan at ang mga tunay na karanasan at pangyayari sa lipunan. Naniniwala ang may akda na maraming susunod sa papel na ito dahil tulad ni Rizal ang may akda ay buo ang pananalig sa sinabi ni Pilosopong Tasyo “**hindi lahat ay natutulog sa madilim na gabi ng bayang ito**” marami ang mga nagmamasid, nagninilay, at naghahangad ng higit na kaluwalhatian ng Lahing Pilipino.

Sanggunian

- Abenes, Rodrigo. Mahaguay, Jerwin. “Dekolonisasyon sa Diwang Filipino”. Kritike Online Journal, Vol. 11 no. 2: University of Santo Tomas, Philippines. 2017. Nakuha noong Febrero 7, 2018
https://www.kritike.org/journal/issue_21/abenes&mahaguay_december2017.pdf
- Abulad, Romualdo. “Introduction.” *A Life of Philosophy, Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*. Manila: De La Salle University Press. 1990. iii. Print.
- Constatino, Renato. *Miseducation of the Filipinos*. . 1970.
- Corpuz, O.D., *The Roots of the Filipino Nation Vol. I&II*. Quezon City, Philippines: AKLAHI Foundation Inc. 1989. Print.
- De Leon, Emmanuel. “Pilosopiya, Wika, at Mga Baluktot na Katuwiran: Tungo sa Pagpapayaman ng Wikang Pilosopikal sa Pilipinas” (Hasaan Journal Tomo III: University of Santo Tomas, Philippines. 2016. Nakuha noong Febrero 7, 2018.
https://www.academia.edu/28774667/Pamimilosopiya_Wika_at_Mga_Baluktot_na_Katuwiran. Print
- Estioko, Leonardo SVD, *History of Education A Filipino Perspective*. Philippines: Logos Publication Inc., 1994: 194-205. Print
- Fresnoza, Florencio and Canuto Casim, “*Essentials of the Philippine Educational System*”. Manila, Philippines: Aviba Publishing House Inc., 1964. Print

- Gripaldo, Rolando. "Filipino Philosophy: Traditional Approach". Manila, Philippines: De La Salle University Press, 2004: 12-13. Print.
- Mabaquiao, Napoleon. "Isang Paglilinaw sa Kahulugan at Kairalan ng Pilosopiyang Filipino". Malay Journal. Pamantasang De La Salle: Pilipinas. 2011:42. Print
- Mahaguay, Jerwin. "Ang Pilosopiya ng Edukasyon ni Emerita S. Quito". Malay Journal. Pamantasang De La Salle: Pilipinas. 2018: 1-19. Print
- Ozmon, Howard and Samul Craver, "Philosophical Foundations of Education". United States of America: Merril Publishing Company. 1990: 1-366. Print.
- Quito, Emerita. *A New Concept of Philosophy in A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*. (De La Salle University: Philippines. 1990. Print
- Quito, Emerita. "Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" (MALAY, De La Salle University, Journal of Humanities and Social Sciences, Vol. 4 No.1-2, May-November: Philippines. 1985: 2-5. Print
- Quito, Emerita., *Wikang Pambansa at Edukasyon*, in Malay –DLSU Journal of Humanities and Social Sciences, Vol. VI no. 2. July – November (Manila, 1987).